

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

GRADE 2 - MAPEH (Arts)



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

MAPEH (Arts)

Ikalawang Baitang

Job S. Zape, Jr.

PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Waltan Taikun O. Taccad

Content Creator & Writer

Eugene Ray F. Santos & Arthur M. Julian

Internal Reviewer & Editor

Lhovie A. Cautlan & Jael Faith T. Ledesma

Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabrera, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno

Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas

IT & Logistics

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON

Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON Arts G2

Ibat' ibang Anyo ng Imprenta


Aralin



Ano-ano ang mga bagay na may kakayahang magtatak? Anong mga marka o disenyo ang kaya nitong likhain? Paano mapauunlad ang hitsura ng isang imprenta?


Sa araling ito, maihahambing mo ang mga bagay mula sa kalikasan at mga bagay na gawa ng tao, sa pamamagitan ng kani-kanilang imprenta.

Tingnan ang mga larawan ng iba't ibang bagay sa ibaba. Maaari ba silang gamitin sa imprenta o pagtatak ng marka? Bakit o bakit hindi? Ano ang kanilang pagkakapareho?



Tama! Ang mga ito ay maaaring gamitin sa pagtatak ng imprenta dahil ang bawat isa ay may bahaging patag. Ito ay maaaring lagyan ng pangkulay o tinta, at ilapat ng maayos sa iba pang bagay upang mag-iwan ng marka.


May mga bagay sa kalikasan ang hindi patag, ngunit maaaring hiwain o hatiin sa gitna upang magkaroon ng patag na bahagi. Sa pamamagitan nito, masisilayan ang panloob na kaanyuan ng mga bagay, na may kani-kaniyang likas na ukit at kurba. Halimbawa:



mansanas



kabute



repolyo

Mayroon ding mga bagay na gawa ng tao na maaaring gamitin bilang pantatak ng imprenta, tulad ng mga ito:


swelas ng sapatos




lukot na papel




espongha



pansala



Maaari ka pang gumamit ng ibang bagay bilang pantatak, tulad ng suklay, mga maliliit na laruan tulad ng gulong ng kotse-kotsehan, at hiniwang prutas o gulay.







Kung lalagyan ng pangkulay ang patag na bahagi ng mga bagay na ito, ang kanilang mga likas na ukit o kurba ay maaaring makapagdulot ng kani-kaniyang guhit, marka o disenyo sa imprenta.

Maaaring sumubok ng ibang pangkulay upang mas maging kaakit-akit ang larawan. Kung walang krayola, maaaring gamitin ang tubig na hinalo sa kape, dagta ng dahoon at katas ng iba't ibang prutas.





D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek ✓ kung ang larawan ay may patag na bahagi. Lagyan naman ng ekis ✗ kung ito ay walang patag na bahagi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. dahon 	2. atis 	3. bola 
4. espongha 	5. tasa 	6. ilaw 

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang **TAMA** kung ang bagay sa larawan ay nakalilikha ng iba't ibang guhit o linya sa imprenta. Isulat naman ang **MALI** kung ito ay nakalilikha lamang ng payak o bakanteng imprenta. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. patatas 	2. kalamansi 
3. balahibo ng manok 	4. labi ng baso 

E

Ngayon ay susubukan mo namang lumikha ng imprintang may mga guhit sa disenyo.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng iyong mga magulang o nakatatandang miyembro ng pamilya, sundin ang mga sumusunod na hakbang upang makalikha ng isang imprintang may mga guhit o linya sa disenyo o marka.

Mga kagamitan:

toyo at platito

tinidor

isang papel

Mga hakbang:


1. Maglagay ng isang kutsarang toyo sa platito.



2. Idampi ang dulo ng tinidor sa toyo.



3. Gamit ito, lumikha ng iba't ibang patuldok na marka sa papel.




4. Ihiga ang ulong bahagi ng tinidor sa toyo.



5. Gamit ito, lumikha ng iba't ibang markang may apat na guhit sa papel. (Maaaring gumawa ng sariling disenyo.)



6. Patuyuin ito sa maaraw na lugar.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa mga hakbang

5 pts.

Maayos at malinis na nalikha ang imprenta

5 pts.

Naipakita ang pagiging malikhain

5 pts.

Kabuoan:

15 pts.

A

Punan ng nawawalang titik ang bawat salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin at isulat sa sagutang papel.

Mailalarawan ang mga hugis o pagkakayari ng i _ _ r _ _ n _ a gamit ang iba't ibang bagay mula sa k _ l _ k _ s _ n o mga bagay na gawa ng tao. Kapag pinagsama-sama ito ay maaaring makalikha ng mga disenyong may umuulit o nagsasalit na h _ g _ s at k _ l _ y. Ang sining ng imprenta ay nakagpapayabong ng pagkamalikhain at pagkamaparaan ng isang tao, dahil sa dami ng magagawang kombinasyon nito.

Ritmo ng Disenyo


Aralin

I

Ang ritmo ay natutuhan mo tungkol sa tunog ng musika noong ikaw ay nasa unang baitang. Ngunit alam mo bang mayroon ding ritmo sa sining? Ano kaya ang ritmo sa sining? Paano makagagawa nito?

Sa araling ito, makalilikha ka ng mga disenyo ng imprenta na may inuulit o nagsasalit na marka sa hugis o kulay nito.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ilang kulay ang nakikita sa kaliwang kahon? Ilang uri naman ng hugis ang nakikita sa kanang kahon?






Tama! Ang mga marka sa kaliwang kahon ay gumagamit ng dalawang kulay: ang itim at ang puti.

Ang mga marka naman sa kanang kahon ay may tatlong hugis: ang puso, ang bituin, at ang bilog na mukha.

D

Sa larangan ng sining, ang ritmo ay tumutukoy sa paulit-ulit o nagsasalit na linya, hugis, o kulay ng isang likhang-sining. Ito ay tila nagpapahiwatig ng paggalaw ng hitsura ng isang panig o bahagi ng isang bagay.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang mga letrang **MR** kung ang bagay sa larawan ay may ritmo. Isulat naman ang mga letrang **WR** kung ang bagay sa larawan ay walang ritmo. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. kutsara 	2. dahon ng niyog 	3. bato 
4. damit 	5. upuan 	6. elisi 

Mapapansin na ang ritmo ay likas na makikita sa iba't ibang bagay sa kalikasan o mga bagay na gawa ng tao. Kung ang ritmo ng isang bagay ay naka-ukit o nakahulma, maaari nitong panatilihin ang likas na disensyo sa ibang bagay na patag.

Paano naman ang mga bagay na walang ritmo? Makagagawa kaya sila ng imprentang may ritmo? Bakit o bakit hindi?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa tulong ng iyong mga magulang o nakatatandang miyembro ng pamilya, sundin ang mga hakbang sa ibaba upang makalikha ng imprentang may ritmo, gamit ang mga bagay na walang likas na ritmo.

Mga kailangan:

tansan

isang kutsarang kape

dalawang kutsarang tubig

platito

papel

Mga hakbang:


1. Paghaluin ang kape at tubig sa platito.




2. Idampi ang tansan sa platito upang malagyan ito ng pangkulay.



3. Tatakan ang papel gamit ang takip ng bote. Gawin ito ng paulit-ulit sa mga lugar na nais mo.



4. Patuyuin ito sa maaraw na lugar.



Mapapansin mong kahit ang isang bagay ay walang likas na ritmo, maaari pa rin itong lumikha ng imprentang may ritmo sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagtatak nito.





E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sundin ang mga hakbang sa ibaba upang makalikha ng imprentang may ritmo, na may dalawa o tatlong markang inuulit o nagsasalit na hugis at kulay.


Mga kagamitan:

- isang istik o patpat ng walis tingting
- pangkulay na likido
- tatlong platito o lalagyan ng pangkulay


Mga hakbang:

1. Isalin ang tatlong mga pangkulay na likido sa kani-kanilang tagiisang lalagyan. 	2. Isawsaw ang hinlalaki sa napiling kulay, at gumawa ng paulit-ulit na marka nito sa papel. 
3. Isawsaw naman ang hinliliit sa iba pang kulay, at gumawa rin nang paulit-ulit na marka nito sa papel. 	4. Isawsaw naman ang patpat sa ikatlong kulay, at gumawa rin nang paulit-ulit na marka nito sa papel. 

5. Sikaping bumuo ng malinaw at maayos na disenyo ng imprenta. Huwag pagpatongpatungin ang mga marka. (Maaaring gumawa ng sariling disenyo.)



6. Patuyuin ang iyong likhang sining sa isang maaraw na lugar.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa mga hakbang	5 pts.
Maayos at malinis na nalikha ang imprenta	5 pts.
Naipakita ang pagiging malikhain	5 pts.
Kabuoan:	15 pts.

A

Punan ng nawawalang titik ang bawat salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin at isulat sa sagutang papel.

Ang r _ t m _ ay isang prinsipyo ng biswal na sining, kung saan naipapakita ang may dalawa o tatlong umuulit o nagsasalit-salit na linya o hugis. Ito ay maaaring gawin o makita sa iginuhit na larawan at i _ p _ e _ t _ . Ginagamit ito upang magdulot ng pagkakaparepareho o pagkakaiba-iba sa mga marka o disenyo ng isang bagay. Nagbibigay rin ito ng ilusyon ng p _ g _ a l _ w sa isa o ilang bahagi ng isang sining, at d _ r _ k _ y _ n sa mga mata ng nakakakita nito.

Kay raming guhit, hugis at kulay na maaaring pagpilian upang maging malikhain. Ipagpatuloy ang pagtuklas at pag-eksperimento ng mga ito upang makita ang resulta ng iba't ibang k _ m b _ n _ s y _ n.

Pag-ukit at Pagmarka

Aralin

WEEKS
3 - 4




Nasubukan mo na bang umukit? Ano-ano ang mga bagay na maaaring ukitan? Paano magagamit ang inukit na bagay sa imprenta?

Sa araling ito, makauukit ka ng hugis o letra sa pambura o kamote na magagamit mo bilang pantatak nang higit sa isang beses.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sa kaliwa ay halimbawa ng mga pantatak o **stamper**, at sa kanan naman ay halimbawa ng tatak o **stamp** nito.


kahoy na pantatak




marka ng kahoy na pantatak sa kamay



gomang pantatak






marka ng gomang pantatak sa papel



D

Sa mga nakaraang aralin, nalaman mo na ang mga naka-usli o naka-angat na bahagi ng isang bagay ang maaaring mapunan ng pangkulay. Ang panig na may ukit ang may kakayahang maglapat ng detalyadong marka sa isang papel o patag na batay.






Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang mga letrang **MU** kung ang bagay sa larawan ay may ukit. Isulat naman ang letrang **WU** kung ang bagay sa larawan ay walang ukit. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. damit 	2. laruang bloke 
3. tansan 	4. lobo 
5. sombrero 	6. langka 

Alin sa mga bagay na ito ang maraming detalye sa pagkakayari?




Upang maging malinaw ang pag-iwan ng marka ng mga detalye ng isang ukit, kailangan itong itatak sa patag na bagay. Sa pamamagitan nito, mailalapag ang pantatak nang may puwersa sa iisang direksyon lamang.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Lagyan ng tsek ✓ kung ang bagay ay patag o madaling tatakan. Lagyan naman ng ekis ✗ kung ang bagay ay hindi patag o hindi madaling tatakan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. plywood 	2. bato 
3. pansala 	4. kumot 
5. karton 	6. bombilya 





May mga bagay na masyadong matigas at mahirap ukitan. Mayroon namang mga bagay na malambot at hindi makakapanatili ng ukit. Upang makalikha ng sarili mong disenyo sa pantatak, kinakailangang ang isang bagay ay may sapat na tigas o lambot ang pagkakayari, upang maukitan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Gumuhit ng masayang mukha 😊 kung ang bagay sa larawan ay maaaring ukitan. Gumuhit naman ng malungkot na mukha ☹ kung ang bagay sa larawan ay hindi maaaring ukitan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. swelas ng sapatos 	2. pantalon 
3. buhangin 	4. kahoy 
5. kandila 	6. bakal 

Tandaan na ang pag-ukit ay nangangailangan ng matalim na bagay upang makalikha ng mas malinaw na detalye. Dahil mapanganib ang paggamit ng mga bagay na matulis, kailangan ang gabay ng mas nakakatanda sa pag-ukit.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Isulat ang letrang **V** kung ang bagay sa lawaran ay matulis o matalim. Isulat naman ang letrang **O** kung ang bagay ay hindi matulis o walang talim. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. tinapay 	2. lapis 
3. gunting 	4. bulak 
5. tiyane 	6. sapatos 

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Magpatulong sa nakatatandang miyembro ng iyong pamilya. Sundin ang mga sumusunod na hakbang upang makapag-ukit.


Mga kailangan:

kamote o malaking pambura


tiyane o gunting

Mga hakbang:


1. Pumili ng paborito mong hugis o letra. Hiwain ng pahaba sa gitna ang pambura o kamote.




2. Gamit ang tiyane o gunting, ukitin ang napiling hugis o letra sa patag na bahagi ng pambura o kamote.



3. Siguraduhing malalim ang pagkaka-ukit ng mga linya upang lumitaw ang mga hulma na nais mong magdala ng pangkulay.



4. Hipan, pagpagin, o punasan ang mga natanggal o tira-tirang napag-ukitan sa pambura o kamote.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa mga hakbang 5 pts.

Maayos at malinis na nalikha ang imprenta 5 pts.

Naipakita ang pagiging malikhain 5 pts.

Kabuoan: 15 pts.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Sundin ang mga sumusunod na hakbang sa pag-imprenta.




Mga kailangan:

kamote, pambura, sabon

likidong pangkulay

papel

Mga hakbang:

1. Lumikha ng iba't ibang pantatak gamit ang iyong napiling mga hugis at letra. 	2. Tandaan na maaari kang mag-ukit ng higit sa isang hugis o letra sa isang pantatak. 								
3. Upang hindi maghalo-halo ang kulay, ilagay ito sa magkakaibang lalagyan, o gamitan ng kani-kaniyang pantatak. 	4. Mag-ingat sa pagtatak sa papel upang maging malinis at malinaw ang pagkakalapat ng mga marka. 								
Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa. <table> <tr> <td>Nakasunod sa mga hakbang</td> <td>5 pts.</td> </tr> <tr> <td>Maayos at malinis na nalikha ang imprenta</td> <td>5 pts.</td> </tr> <tr> <td>Naipakita ang pagiging malikhain</td> <td>5 pts.</td> </tr> <tr> <td>Kabuoan:</td> <td>15 pts.</td> </tr> </table>		Nakasunod sa mga hakbang	5 pts.	Maayos at malinis na nalikha ang imprenta	5 pts.	Naipakita ang pagiging malikhain	5 pts.	Kabuoan:	15 pts.
Nakasunod sa mga hakbang	5 pts.								
Maayos at malinis na nalikha ang imprenta	5 pts.								
Naipakita ang pagiging malikhain	5 pts.								
Kabuoan:	15 pts.								



Punan ng nawawalang titik ang bawat salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin at isulat sa sagutang papel.

Maaaring gumamit ng iba't ibang bagay na p _ n g- _ k _ t bilang pantatak, tulad ng k _ m _ t _ , malaking p _ m b _ r _ , kandila o swelas ng sapatos. Tandaan na ang _ m p r _ n t _ ay mabisang paraan upang lumikha ng magkakaparehong larawan ng mabilisan at maramihan.

Paggupit at Paglapat

Aralin

I

Ano-ano ang mga disenyong kaya mong gawin sa pagguhit? Paano gagamitin ang lapis, gunting, at papel bilang gabay nito?


Sa araling ito, makakaguhit ka ng mga hugis o larawan sa papel o tela gamit ang mga ginupit na disenyo.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ano-anong mga disenyo ang iyong nakikita? Kaya mo ba itong gawin?

istensil na disenyo ng
bulaklak




istensil na disenyo ng
paru-paro



istensil na disenyo ng kotse



istensil na disenyo ng
telebisyon



Ang **istensil** ay isang manipis na bagay na may butas, na siyang gabay sa pagguhit ng mga hugis o titik sa pamamagitan nang pagkulay sa loob ng butas na ito. Kadalasan, ang istensil ay gawa sa patag at manipis na papel, plastik, kahoy, o bakal, at may kaukulang hugis o disenyo ang balangkas ng butas nito.






Makakatulong sa paglikha ng istensil ang mga kagamitang matitigas at malalapad. Tulad ng ruler, maaring gamitin ang mga bagay na may direktso o kurbadong balangkas sa pagsulat o

pagkulay. Ito ay magsisilbing gabay sa pagguhit ng malinaw, tiyak at perpektong linya na siyang susundan ng gunting sa paggupit.

Sa tulong ng istensil, maaari kang gumawa ng sarili mong disenyo bilang modelo ng imprenta. Sa pamamagitan nito, mapauunlad mo ang iyong orihinalidad, pagiging malikhain, at mapamaraan. Maari mo ring gamitin ang iba't ibang bagay sa kalikasan bilang inspirasyon sa pagdisenyo, at bilang sangkap sa proseso ng imprenta.






D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang tsek ✓ kung ang bagay ay maaaring gawing gabay sa pagguhit ng diretsong linya. Isulat naman ang ekis ✗ kung hindi ito maaaring gawing gabay sa pagguhit ng diretsong linya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. libro 	2. plato 	3. bola 
4. hawakan ng walis 	5. polder 	6. unan 

Hindi lang mga bagay na direktso ang maaaring gamitin bilang gabay sa pagguhit. Kung nais mong gumuhit ng mga hugis o letrang may kurba o pali-likong linya, maaari kang gumamit ng mga bagay upang maging gabay sa pagguhit ng balangkas o **outline** nito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang letrang **S** kung ang bagay ay may likas na kurba o palikong balangkas sa pagkakayari ng gilid nito. Isulat naman ang letrang **X** kung ito ay walang kurba sa balangkas nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. plato 	2. tabo 
3. kahon 	4. bote 
5. libro 	6. palad ng kamay 

Ang mga hugis, disenyo, o letrang nakaguhit sa isang papel o karton ay maaaring gupitin, upang magamit bilang gabay sa pagguhit nito nang higit sa isang beses. Ang isang balangkas ay maaaring gamitin ng paulit-ulit sa iba't ibang bagay, gamit ang iba't ibang panulat o pangkulay.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sundan ang mga hakbang sa paglikha ng balangkas ng iba't ibang hugis.

Mga kailangan:


tasa o maliit na bote
gunting o *cutter*

papel o karton
posporo o maliit na kahon

lapis

Mga hakbang:

1. Ipatong ang posporo o maliit na kahon nang nakahiga sa papel o karton. Iguhit ang balangkas nito.



2. Gupitin ang balangkas nito. Kung maaari ay butasan at simulan ang paggupit sa loob ng nabuong balangkas.



3. Ipatong ang tasa o maliit na bote sa papel o karton. Iguhit ang balangkas nito.



4. Gupitin ang balangkas nito. Kung maaari ay butasan at simulan ang paggupit sa loob ng nabuong balangkas.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa mga hakbang

5 pts.

Maayos at malinis na nalikha ang istensil

5 pts.

Kabuoan:

10 pts.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Bumuo ng balangkas ng halimbawa ng mga letra. Sundin ang mga hakbang sa ibaba.

Mga kailangan:

ruler o patpat

gunting

karton

lapis


platito

Mga hakbang:


Iguhit ang balangkas ng letrang "E" gamit ang ruler at patpat




Maingat itong gupitin sa pamamagitan ng pagsunod sa linya.



Iguhit ang balangkas ng letrang "C" gamit ang platito.



Maingat itong gupitin, sa pamamagitan ng pagsunod sa linya.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa mga hakbang

5 pts.

Maayos at malinis na nalikha ang istensil

5 pts.

Kabuoan:

10 pts.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sundan ang mga sumusunod na hakbang upang makapag-lapat ng mga hugis o letrang iyong nais.

Mga kailangan:

ruler o patpat

gunting


karton

lapis


platito

Mga hakbang:


1. Isipin ang mga hugis o letrang nais ilapat sa isang likhang-sining.



2. Tukuyin ang mga bagay na maaaring magsilbing pangguhit ng balangkas ng mga hugis o letra.




3. Iguhit ang mga napiling balangkas sa papel o karton.




4. Gupitin ang mga linyang ginuhit sa tulong ng nakatatanda.



5. Ipatong ang mga nagawang balangkas sa papel o tela, at iguhit ito ng higit sa isang beses.



6. Maaari ring kulayan nang rekta ang mga disenyong nagawa upang hindi ito lumagpas sa balangkas.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa mga hakbang	5 pts.
Maayos at malinis na nalikha ang istensil	5 pts.
Naipakita ang pagiging malikhain	5 pts.
Kabuoan:	15 pts.

A

Punan ng nawawalang titik ang bawat salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin at isulat sa sagutang papel.

Sa Ingles, ang tawag sa prosesong pagbalangkas, paggupit, at paglapat ng mga hugis ay s t n s l. Nakatutulong ang istensil upang makalikha ng mga d s n y gamit ang iba't ibang bagay sa paligid. Tandaang mas mainam gamitin ang matitigas na papel tulad ng karton, upang maging matibay ang p m b k s at magtagal pa ang paggamit nito.

Pakikilahok sa mga Gawain ukol sa Pambansang Buwan ng Sining

WEEKS
7-8



Aralin

Ano ang **National Arts Month**? Para saan ang pagdiriwang na ito? Tuwing kailan ito idinaraos?

Sa araling ito, ikaw ay makikilahok sa palatuntunan, aktibidad o programang pampaaralan o pandistrito ukol sa Pambansang Buwan ng Sining.

Tingnan ang larawan sa ibaba. Ano-ano ang iyong nakikita? May kinalaman ba ito sa sining? Bakit o bakit hindi?




Ang Pambansang Buwan ng Sining o National Arts Month ay idinaraos tuwing buwan ng Pebrero. Ito ay ipinagdiriwang upang ipakita ang iba't ibang uri ng likhang-sining ng ating bansa at ipamalas ang husay ng mga Pilipino sa kani-kanilang paglikha nito.

Sa pamamagitan ng **Arts Month**, naipahahayag ng iba't ibang Pilipino ang kanilang isip at puso ukol sa iba't ibang paksa. Natutunghayan din ng mga mamamayan ang mayamang sining at kultura ng Pilipinas, at pati na rin ang kahanga-hangang talento ng mga Pilipino sa paglikha ng sining.

Ang bawat rehiyon sa Pilipinas ay may kani-kaniyang produkto ng sining. Narito ang iba't ibang halimbawa ng sining pangkultural ng CALABARZON.


Mga produktong mula sa lalawigan ng Cavite na yari sa kawayan.



Mga produktong mula sa lalawigan ng Laguna na yari sa kahoy.




Produktong mula sa lalawigan ng Batangas – balisong



Mga obra mula sa lalawigan ng Rizal



Mga produktong gawa sa anahaw at niyog mula sa lalawigan ng Quezon.




Alin sa mga ito ang produkto ng iyong lalawigan? Ano ang naitutulong nito sa mga tao?


Mapapansin mo na ang mga materyales na bumubuo ng mga produktong ito ay nagmumula sa kalikasan.

Sa ibang bahagi ng Pilipinas ay mayroon ding kani-kanilang kilalang produkto.


Ang mga katutubo sa Luzon ay gumagawa ng mga paso, banga, basket, at bahay na bato.



Sa Visayas naman ay mayroong mga produktong gawa sa paghahabi, tulad ng banig, tsinelas, at mga kasuotang yari sa halaman.



Samantalang kilala ang Mindanao sa mga katutubong kuwintas, purselas, sandata, at instrumentong pangmusika.



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Magbalik-aral sa iyong mga natutuhan sa mga nakaraang aralin. Itugma ang mga sumusunod na proseso sa mga kagamitang kailangan nito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Pagguhit at pagkulay
 - A. lapis at krayola
 - B. gunting at cutter
 - C. pambura o kamote

2. Pagtatak o pagmamarka
 - A. buhok o balahibo
 - B. pambura o kamote
 - C. tubig at pagkain

3. Pag-ukit o paggawa ng hulma

- A. mapupurot na bagay
- B. malalapad na bagay
- C. matatalim na bagay


4. Paggupit at paglapat

- A. lapis, ruler, karton, at gunting
- B. krayola, pandikit, papel, at tela
- C. prutas, kutsilyo, kahoy, at lata


Ang mga kagamitan at prosesong ito ay ginagamit upang maka-likha ng mga halimbawa ng likhang sining na maaaring iladlad o irampa sa isang pagdiriwang ng buwan ng sining.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang letrang **L** kung ang produkto sa larawan ay kilala sa Luzon. Isulat ang letrang **V** kung ito ay kilala sa Visayas, at isulat naman ang **M** kung ito ay kilala sa Mindanao. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. paso at banga




2. banig




3. alahas



4. sandata



5. rattan basket





6. barong



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Tukuyin ang likas na yaman sa Hanay A kung saan nagmula ang materyal na ginamit sa pagbuo ng mga sumusunod na produkto sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyang sagutang papel.


Hanay A

Hanay B

1. puno ng niyog 	A. plawta at dingding ng bahay kubo 
2. tubig at dagta 	B. plywood, mesa at silya 
3. bakal o metal 	C. kutsilyo at bolo 
4. punong kahoy 	D. painting 
5. kawayan 	E. bunot at walis tingting 

E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Pumili ng isang produktong pansining mula sa inyong lalawigan. Iguhit ito sa isang papel. Husayan ang iyong pagguhit.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakaguhit ng produktong pansining	5 pts.
Maayos at malinis ang natapos na gawain	5 pts.
Naipakita ang pagiging malikhain	5 pts.
Kabuonan:	15 pts.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gumuhit ng isang larawan na may kinalaman o nagpapakita ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Sining. Maaari mo itong kulayan. Gawin ito sa isang malinis na papel.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakaguhit ng larawan ng pagdiriwang 5 pts.

Maayos at malinis ang natapos na gawain 5 pts.

Naipakita ang pagiging malikhain 5 pts.

Kabuoan: 15 pts.

A

Punan ng nawawalang titik ang bawat salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin at isulat sa sagutang papel.

Ang p _ g d _ r _ _ s ng Buwan ng s _ n _ n _ ay isang masaya at makulay na pambansang pagdiriwang. Ito ay nagpapaunlad ng k _ m _ l _ y _ n ng ating pagkakakilanlan, at nagpapayabong ng pagkakaisa. Tandaan na karamihan sa mga materyales na bumubuo sa mga l _ k h _ n g - s _ n _ n g sa ating bansa ay nagmumula sa kalikasan, kung kaya't nararapat lamang na alagaan ang kalikasan sa lahat ng panahon at pagkakataon.



Susi sa Pagwawasto

Week 1 Gawain 1 1. ✓ 2. X 3. X 4. ✓ 5. ✓ 6. X	Week 2 Gawain 1 1. Mali 2. Tama 3. Tama 4. Mali	Week 3-4 Gawain 1 1. WU 2. MU 3. MU 4. WU 5. WU 6. MU	Week 3-4 Gawain 2 1. ✓ 2. X 3. X 4. ✓ 5. ✓ 6. X	Week 3-4 Gawain 3 1. 😊 2. 😊 3. 😊 4. 😊 5. 😊 6. 😊	Week 3-4 Gawain 4 1. O 2. V 3. V 4. O 5. V 6. O	Week 5-6 Gawain 1 1. ✓ 2. X 3. X 4. ✓ 5. ✓ 6. X	Week 7-8 Gawain 1 1. A 2. B 3. C 4. A	Week 7-8 Gawain 3 1. L 2. V 3. M 4. M 5. L 6. V	Week 7-8 Gawain 2 1. E 2. D 3. C 4. B 5. A
---	---	---	---	---	---	---	---	---	---

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Salud, G. P. & Dela Cruz, E. (2017). *Prototype Lesson Plan Grade 6*. Lipa City: Department of Education-SDO Lipa City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

